# 1

Hindi pa rin makapaniwala si Catherine sa nangyari sa pamilya niya. Paanong ang isang papalagong negosyo ay basta na lamang nabangkarote? Nagkamali ba siya o talagang minalas lang sila?

Tulala siyang nakatingin sa madilim na daan, katabi si Rosalina, ang pinakamatalik niyang kaibigan. Tahimik nitong minamaneho ang luma nitong pulang *Volkswagen Beetle*.

"Hindi pa naman tapos ang lahat, makakabangon pa kayo." Sandali siyang nilingon ng kaibigan,at ibinalik din kaagad ang paningin sa daan. May halong awa ang pahayag nito, pero hindi iyon ang kailangan niya. At lalong hindi niya kailangan ng tulong ng kahit sino. Payo, maaari pa siguro.

Tumingin siya sa labas ng bintana, wala siyang ibang makita kundi ang malalawak na bukirin na iniilawan ng liwanag mula sa nagtataasang poste sa daan. Malaya namang nakakapasok ang malamig na simoy ng hangin sa sasakyan nila kahit hindi ganoon kabilis ang pagmamaneho ni Rosalina.

"Kailan pa?" tanong niya habang parang

tinatangay na rin ng hangin ang kanyang utak sa kaiisip sa problema ng pamilya nila.

"Catherine..." Gusto siyang bawalan nito sa ginagawa niyang pagmumukmok sa problema, pero bigla-bigla, para silang mga bolang tumalbug-talbog sa kanilang kinauupuan habang unti-unting tumirik ang makina. Nalimutan nito ang sasabihing payo sa kaibigan. "Hindi puwedeng ngayon pa..."

Hindi maipinta ang mukha ni Rosalina sa kamalasang inabot nila. Mabuti na lang, nagawa pa nitong iparada ang sasakyan sa gilid ng daan bago tuluyang mamatay ang makina.

"Nandito na ba tayo? Nasaan ang bahay namin? Alam ko na, inilit na rin ng mga pinagkakautangan namin."

"Ganyan ba magsalita ang may problema?" Ngumiwi ito saka lumabas ng saksakyan.

"Ano'ng...?" Sumunod siya rito. Tumambad sa kanila ang makapal na usok na nagmumula sa makina.

Sumama pareho ang mukha nila sa nakita at sabay na pinaspas ang nakakapasong usok na nagpupumilit pumasok sa mga ilong nila.

"May plano ka... o gusto mong dito na lang tayo magpalipas ng gabi?" tanong ni Catherine sa kaibigan.

"Nasa highway po tayo, maraming bus na dumadaan," anitong parang hindi niya alam kung nasaan sila.

"Magaling. Sana lang hindi mo sinadyang iwan ang wallet mo kasi wala akong dalang—ah, hindi pala. Wala na talaga akong pera."

Napakamot ito sa ulo. "Naku, eh, pasensya na. Nakalimutan ko."

"Ulit!" Naningkit ang mga mata ni Catherine saka umiling-iling. Naglakad siya papunta sa likuran ng sasakyan at inilabas ang cellphone niya mula sa bulsa ng pants.

Sinundan siya ni Rosalina. "Sino'ng tatawagan mo?"

"Si Todd."

"Tigilan mo 'ko!" may halong tiling pahayag nito. "Si Todd, 'yung nanliligaw sa 'yo... 'yung crush ko na—"

"Oo!" Pinutol na niya ito bago pa siya mabingi sa katitili nito. "Kung hindi ako nagkakamali,

malapit na lang dito 'yung bahay nila." Tiningnan niya si Rose matapos makita sa LCD ng cellphone ang number ni Todd.

"Oh, my God! Tara na, Kat, lakarin na lang natin." Hindi pa rin nawawala ang panggigigil ni Rosalina.

"Tumigil ka nga. May nakikita ka bang bahay sa paligid mo? Sa palagay mo, gaano pa iyon kalayo?" pagtataray niya.

"Ito naman." Nagkamot pa ito ng batok.

Sinenyasan niya ito na isara muna ang bibig habang hinihintay si Todd na sagutin ang tawag niya. "Oy, mamaya, pigilan mo ang sarili mong tumili," mabilis niyang payo bago ito talikuran.

"Catherine? Napatawag ka." Narinig niya sa wakas ang lalaking-lalaking boses ni Todd Calderon.

"Todd, pasensya na. Pero kailangan ko ng tulong mo. Nasiraan kasi kami ng sasakyan. Nandito kami ngayon sa highway, sa Santa Cruz. Puwede mo ba kaming sunduin?" aniya na nilakipan ng paglalambing ang boses.

"Walang problema. Hintayin mo 'ko."

"Salamat!"

Samantala, sa bahay ng mga Calderon, pumasok si Todd sa kuwarto na tinutulugan ng kanyang kaibigang si Gabriel Abrera kapag doon sila nag-iinuman sa bahay niya.

Nadatnan niya itong nakatagilid at mahimbing na natutulog kaya kinuha niya ang isang throw pillow sa sofa tabi ng pinto at binato ito.

Nasapol ang likod ng ulo nito pero hindi nagising. Lumapit siya sa kama at niyugyog ang kaibigan sa balikat. "Gabriel, gising! Ngayon na kita ihahatid sa inyo."

"Ano ba!" Hinarap siya nito pero nakapikit pa rin ang isang mata, saka iritadong nagkamot ng ulo. Hindi nagtagal, bumangon din ito. "Umaga na ba?" Halata pa rin ang pagkainis nito.

"Hindi. Pero ngayon na kita ihahatid kaya magbihis ka na." Tumalikod si Todd at lumabas ng silid.

Walang kamalay-malay si Gabriel na si Catherine, na dati ay crush na crush niya at bumasted sa kanya noon, ang sanhi ng biglaan nilang pag-alis sa kalagitnaan ng gabi.

Hindi na sila noon nagkaroon ng pagkakataon na magkita ni Catherine at hindi rin niya alam kung naalala pa nito ang pangalan niya. Pero siya, kilalang-kilala pa rin niya ito.

Dahil paano niya makakalimutan ang babaeng sobra-sobrang sama ng loob ang ibinigay sa kanya?

"Hindi ka pa ba tapos?" Sinilip siya ni Todd sa kuwarto, habang nililigpit niya ang kanyang mga gamit.

"Malapit na."

"Bilis-bilisan mo naman." Binagsak nito ang pinto pasara.

Malamig ang gabi pero mas malamig sa loob ng pick-up ni Todd. Hindi pa rin makuha ni Gabriel kung bakit sila biglang umalis nang hatinggabi. Naiinis siya sa kaibigan kaya hindi niya ito gustong tanungin.

Hanggang sa nasa kalagitnaan na sila ng biyahe, binasag ni Todd ang katahimikan. "Nakalimutan kong sabihin, may susunduin pala tayo. Pag nakita mo siya, tingnan ko lang kung hindi malaglag ang brief mo," pagmamayabang nito.

He sneered. "Ang alam ko, sa mga pokpok

nalalaglag ang brief mo. Kaya—"

"Huwag mo nga akong itulad sa 'yo na ginagawang bahay ang mga nightclubs sa Angeles. Tingnan mo na lang. Baka kilala mo siya."

Hindi siya naniniwala dahil wala talaga siyang bilib sa taste ng kaibigan, gayunman, minabuti niyang huwag nang magkomento pa.

Ilang minuto pagkatapos, nakita na nila sa gilid ng daan ang nakaparadang *Beetle*. Isang maputing babaeng mala-porselana ang kutis ang nakasandal sa gilid ng sasakyan.

Nang mamukhaan ni Gabriel kung sino iyon, pakiramdam niya, daig pa ng limang daang kidlat na sabay-sabay na tumama sa kanya sa sobrang pagkabigla niya. Kung puwede lang niyang ipabalik kay Todd ang sasakyan patungo sa bahay nito at palayo sa lugar na iyon, ginawa na niya.

Pero ano ang dapat niyang ikatakot kung hindi pa naman siya nakita ng babae? Maliban na lang kung naroon ang mga kaibigan nito na nakakakilala sa kanya. Mga kaibigan nitong sila ring dahilan kaya tinanggihan ng dalaga ang niluluhog niyang pag-ibig noon.

Dahan-dahan, ipinarada ni Todd ang pick-up at

lumabas ng sasakyan. Pero si Gabriel, parang batong hindi makagalaw sa kinauupuan. Pinagmasdan lang niya ang kaibigan na makipagkumustahan kay Catherine at sa isa pang babaeng hindi niya kilala. Kaya sa palagay niya, ligtas na siya.

Ilang sandali lang, lumapit na ang mga ito. Hindi niya alam kung bakit pero kinakabahan pa rin siya. Binuksan ni Todd ang pinto ng pick-up sa backseat at pumasok ang dalawang babae. Kaagad ding sumakay sa driver seat ang kaibigan niya.

"'Nga pala, kaibigan ko, si Gabriel. Taga-Angeles din siya. Gabriel, sina Rose at Catherine."

Sandaling lumingon si Gabriel para ngitian ang mga sakay sa likod ng pick-up. Ngumiti rin ang dalawa sa kanya.

"Oh, my God!" Napanganga si Rosalina. "Todd, akala ko ikaw na'ng pinakaguwapong lalaking nakita ko, mali pala ako. Dahil ang katabi mo ngayon, sobra pa sa pinaka," OA na bulalas pa nito.

Napangiti siya. Pero sa rearview mirror, nakita niyang binawalan ni Catherine ang kaibigan.

"Hindi ka pa rin nagbabago, Rose," ani Todd. Nakatingin ito sa dalawang babae sa pamamagitan ng rearview mirror. Pinatakbo na nito ang sasakyan.

"Hindi nagbago ang ano?" tanong ni Rosalina.

Bago makasagot si Todd, tumunog ang alarm ng sasakyan. Below zero na ang fuel meter.

"Asar naman," sabi nito saka in-off ang warning system.

"May problema ba?" tanong ni Catherine na bahagyang inangat ang katawan palapit kay Todd.

"Wala. Walang problema," tugon nito saka tiningnan si Gabriel nang makahulugan. Dahil malapit silang magkaibigan, alam niya ang mensahe sa likod ng tinging iyon.

"Huwag ako ang tingnan mo." Hininaan ni Gabriel ang boses. "Alam ko may malapit na gas station pero wala akong dalang pera." Pero ang totoo, alam niyang may natitira pa siyang dalawang buong isang libo sa wallet.

Tiningnan siya nang masama ni Todd. Gusto na niyang matawa pero pinigil niya ang sarili.

"Pare, diskartihan mo na lang. May dalawang chicks naman diyan. Saka naiwan mo naman talaga wallet mo kaya ayos lang. Magpaliwanag ka," bulong niya. Pero hindi pa rin nagbabago ang timpla ng mukha ng kaibigan niya. Mapait pa rin.

Nang nakarating sila sa gas station, napabuntong-hininga si Todd bago hinarap sina Catherine at Rose.

"Uhm... Kat, naiwan ko kasi wallet ko, puwede bang manghiram ng two hundred? Wala na kasi tayong gas," nahihiyang saad nito.

"Ha? Eh..." Hindi alam ni Catherine ang sasabihin o kung anong palusot ang ibibigay. Paano ba niya sasabihing kaya nga sila nagpasundo sa lalaki ay dahil wala silang pamasahe? "Ah, Todd... pasensya na, pero naiwan ko rin kasi wallet ko..." Tumingin siya kay Rosalina, gusto niyang makuha nito na kailangan nilang magsinungaling para hindi sila mapahiya. "Ah, Rose," dahan-dahan siyang nagsalita, "baka puwede mong pahiramin ng two hundred si Todd, pang-gas natin."

"Ano!" Napalakas ang boses ni Rose, at walang kahihiyang idinugtong nito, "Eh, di ba nga wala tayong pamasahe kaya tayo nagpasundo?"

Nakatalikod si Gabriel pero dinig na dinig sa loob ng sasakyan ang pagputok ng mahinang tawa niya.

Sa umpisa, hindi makagalaw si Catherine. At hindi rin niya matingnan si Todd na nakaharap pa rin sa kanila. Hiyang-hiya siya at halos mamatay na

sa sinabi ng kaibigan. Pero sa sumunod na segundo nang akmang magsasalita na naman si Rose, tinapakan na niya ang paa nito.

"Aray! Ba't ka ba nangtatapak?" malakas na reklamo ng kaibigan.

Lalo siyang nalusaw sa hiya sa nangyari. Kulang na lang ay takasan niya ang mga ito. Pero kumakatok na sa bintana ang gasoline boy na naghihintay na sa kanila.

Nagkunwari si Gabriel na may nakitang isang daang piso sa wallet at ibinigay kay Todd dahil alam nitong kukulangin ang reserba ng sasakyan. Pero si Catherine, lalo pang napahiya nang ibigay ni Rose ang tigpipisong barya mula sa bag nito.

Nakauwi naman silang lahat, awa ng Diyos.

# 2

Dumerecho sina Todd at Gabriel sa *Happy Hills*, isang exclusive subdivision sa siyudad ng Angeles sa Pampanga.

Malapit na sa tuktok ng burol ang bahay ni Gabriel, katabi ng iba pang mga bahay roon. At ang sa kanya ang naiiba kaya nangingibabaw ang anyo niyon sa lahat. Kita rin halos ang kabuuan ng subdivision mula sa balkonahe ng tahanan niya.

Sa labas nag-park si Todd ng pick-up dahil may laman ang garahe niya.

"Ang gulo ng bahay mo," reklamo ng kaibigan, pagkapasok nila sa loob.

Kompleto na sa gamit ang bahay. Medyo malawak ang sala. Pero hindi ganoon kalaki ang kabuuan, tama lang para sa nag-iisang taong nakatira roon. Ang problema, hindi niya maasikaso iyon kaya laging magulo.

"Namintas ka pa. Dumerecho ka na nga sa kuwarto mo. Sa itaas ka. Kailangan ko na ring bawiin ang sinira mong tulog ko."

Buhat-buhat ang mga gamit, iniwan na niya ang kaibigan na nakasandal sa sofa upang umakyat ng hagdanan patungo sa kanyang kuwarto. Matatagpuan iyon sa pinakaunang silid sa pangalawang palapag ng bahay. Sa ibaba niyon ang komedor at kusina.

*Catherine…*

Humiga siya sa kanyang kama habang iniisip ito. Hindi pa rin nagbago ng dalaga. Ang totoo, mas maganda pa ito ngayon kaysa noong huli niyang nakita sa prom ng mga eskuwelahan nila noong high school. Ang magandang hubog ng katawan nito, ang mala-anghel nitong mukha, ang mga labi nitong matagal na niyang gustong halikan—lahat iyon ay muling rumehistro sa isipan niya.

Ang masakit nga lang noon, Prom Queen si Catherine pero si Todd—na noon ay hindi pa niya kaibigan—ang Prom King nito. Matindi ang inggit at selos na naramdaman niya nang mga panahon iyon.

At parang hanggang ngayon, nagseselos at naiinggit pa rin siya sa lalaki. Sinabi ni Todd sa kanya na kaya ito makikitulog sa bahay niya ngayong gabi ay dahil aayain nitong lumabas si Catherine bukas. Binale-wala lang niya iyon, pero sa loob-loob niya ay alam niya ang tunay niyang nararamdaman.

Nang makita niya muli si Catherine, nabuhay ang akala niya ay nakalimutan na niyang pagtingin para rito—na noon pa ay may kahalong matinding pagnanasa. Baliw na baliw siya rito. Ubod na ng ganda ang mga babaeng nakarelasyon niya, pero walang sinuman ang puwede ikumpara kay Catherine. Parang hiyas na namumukod-tangi ang kinang nito kaya imposibleng hindi mapansin.

Hindi na niya namalayan kung hanggang anong oras niya pinantasya ang dalaga….

---

Umaga nang araw na iyon, bago pa sumilip ang liwanag sa bintana ng kuwarto ni Gabriel, bukas na ang mga mata niya. Walang anu-ano ay bumukas ang pinto ng kanyang silid.

Pumasok muna sa loob si Todd bago kumatok sa naisara nang dahon ng pinto. "Pare, gising na."

"Gising na 'ko. At puwede ba, kumatok ka muna bago pumasok," asik niya.

"Ang puso mo, pare. Ayokong atakihin ka. Importante pa ba ang pagkakasunod noon, basta ginawa ko pareho."

Napakamot siya sa ulo. Akmang bubuka ang

bibig niya para awayin ito pero pinigil siya nito.

"Alam kong bawal magbiro sa bagong gising, pero ayoko namang umalis nang hindi nagpapaalam. Mas bad 'yun, di ba?" nang-iinis na turan nito.

"O, sige na. Umalis ka na!"

Nagkibit-balikat lang si Todd sa mga kakatwang reaksyon niya bago lumabas ng silid at isinara ang pinto. Pero alam niyang maaaring napansin nito na bad mood siya. Hindi naman niya makontrol ang sarili. May tensyong namumuo sa loob niya na kailangan niyang ilabas—at iyon ay dahil lahat kay Catherine.

Pagbaba niya sa silid-kainan, naabutan niyang nakabihis na si Todd at nag-aalmusal.

"Mabuti naman, bumangon ka na. Kain na."

Lumapit siya at umupo katapat nito sa hapag-kainan. "Akala ko, ang galing-galing mo na. Hanggang ngayon pala, dinidiskartihan mo pa rin si Catherine," may angas niyang sabi kahit alam niyang siya mismo ay nabigo rito.

"Hmm... hindi ko nga rin alam kung bakit ayaw pa niya akong sagutin. Galit lang 'ata siya sa mga lalaki kaya ganoon. Di bale, kita mo naman ang

kapalit pag nakuha mo na, di ba?" Ngumisi ito nang pilyo.

Mabilis na lumaki ang butas ng matangos niyang ilong sa narinig. Nainis si Gabriel.

"O sige na. Kailangan ko pang isipin kung anong diskarte ang gagawin ko. Mauna na 'ko," anito matapos uminom ng juice.

---

Abala sa paglilipat-bahay ang mga Trevilla. Isang malaking truck ang nasa tapat ng mansion at pinupuno ito ng mga gamit at mga mamahaling muebles na halos lahat ay ibebenta lamang.

Hindi inaasahan ni Catherine na magiging napakabilis ng mga pangyayari. Noong isang araw lang, nasa opisina siya at inaasikaso ang mga pananalapi ng kompanya. Ngunit ngayon, halos wala na ang lahat.

Lilipat sila ngayon sa mas maliit na bahay. At kung dati ay may sarili siyang kuwarto, ngayon kailangan niyang makihati sa nag-iisa niyang kapatid na babae na si Mica, na nag-aaral pa rin sa kolehiyo.

"Ate..." Umiiyak ang kanyang kapatid pagkababa nito ng taxi. Lumapit ito sa kinauupuan niya sa isang

bench sa hardin nila; hindi niya kaagad ito napansin dahil tila walang malay lang niyang pinagmamasdan na mawala ang lahat ng mga bagay na nasa harap niya.

"Mica, ba't ka umiiyak? Ano'ng problema?"

Humilig ito sa kanya pagkaupo nito sa tabi niya. Hindi ito makapagsalita, iyak pa rin nang iyak.

"Mica..."

Suminghot muna ito bago nagsalita, "Ang Papa, Ate. Nandito kanina ang mga tauhan ni Mr. Abrera. Bukod sa mga utang natin, may mga kontrata din daw na nilabag ang Papa kaya kung hindi siya agad makakabayad, ipapakulong siya. Nakikipag-usap siya ngayon kay Mr. Abrera."

Ang alam ni Catherine, matalik na kaibigan ng papa niya si Mr. Monico Abrera, ang may-ari ng *MA Manufacturing Corporation* na isa sa mga suppliers sa mga retail stores nila. Hindi niya maintindihan kung bakit ngayon ay ginigipit sila nito.

"Ikaw na muna ang bahala dito. Pupuntahan ko ang Papa," aniya sa kapatid.

Umiiyak itong tumango.

Pero pagbaba ni Catherine sa daan, kaagad

niyang nakitang pumarada ang pick-up ni Todd. Lumabas ito mula roon. “May pupuntahan ka?” tanong nito habang palapit sa kanya.

“Oo. P’wede mo ba akong ihatid?”

“Basta ikaw, Kat.”

“Salamat. Sa Roxas Highway.”

Napansin ng binata na maraming inaalala ang dalaga kaya hindi na nito isiningit ang imbitasyon na lumabas sila. At hindi na rin nito inusisa ang tungkol sa nakita nitong nangyayari sa kanyang bahay.

Alam ni Catherine na madaling umunawa si Todd. Pagkababa niya ng pick-up matapos siyang pagbuksan nito ng pinto, mabilis niya itong niyakap at nagpasalamat sa paghatid sa kanya.

Sa lobby ng main office ng kompanya ng mga Abrera, tinanong niya kaagad ang receptionist kung naroon pa ang kanyang ama, pero nakaalis na umano ito.

Kahit hindi niya alam ang naging bunga ng pakikipag-usap ng kanyang papa sa kaibigan nito, siya rin mismo, gustong makaharap ang mayamang lalaki para personal na makiusap. Pumayag naman itong bigyan siya ng oras.

Sinamahan siya ng isa sa mga clerks papunta sa opisina ni Mr. Abrera. Dinala siya sa isang maliit na conference room, sa loob din ng opisina nito. Doon daw niya hintayin ang ginoo. Hindi naman nagtagal ay nakita na niya itong lumabas mula sa pintong pinasukan din niya.

Tumayo siya pagkakita rito.

"Umupo ka na, Miss Trevilla." Lumapit ito at inokupa ang bakanteng silya sa harap niya. "Galing na rito ang papa mo. At sa palagay ko, napag-usapan na namin lahat ng kailangang pag-usapan. Malinaw na wala na kayong kakayahang makabayad kaya makatuwiran lamang na—"

"Ipapakulong n'yo ang papa ko? Nakikiusap ako, bigyan n'yo lang kami ng panahon. Kahit limang taon. Sapat na iyon. At kahit ano ay gagawin ko, kahit habang-buhay akong magtrabaho sa inyo. Basta iurong n'yo lang ang demanda," pakiusap ni Catherine, kahit magmukha siyang kaawa-awa sa mga mata nito.

Seryoso pa rin ang expression ng matandang lalaki. "Sa palagay ko, kahit sampung taon pa ang ibigay ko, hindi na kayo makakabayad. Dahil saan kayo kukuha ng pera, kung wala na ang negosyo n'yo?"

"Gagawa ako ng paraan!" may diin niyang sabi.

Pero pinagmasdan lang siya nito at hindi kaagad umimik. Ilang segundo pagkatapos, muli itong nagsalita, "Pasensya na, Miss Trevilla, wala na talaga akong magagawa. Hindi lang naman ako ang nagdedesisyon sa ganyang mga bagay kaya patawad. Kailangan ko na ring umalis."

Bumagsak ang luha mula sa mga mata ng dalaga matapos iyong marinig. Pero sa halip na magmukhang kaawa-awa, tiningnan niya ang kausap nang may sama ng loob bago siya tumayo saka tinalikuran ito.

Sa labas ng gusali, nasalubong niya si Todd. Naghihintay pa rin ito sa kanya. Nakita nito ang luha sa mga mata niya kaya kaagad siya nitong nilapitan at niyakap.

"Bakit ka umiiyak? Sabihin mo, ano'ng problema?"

Umiling siya, saka ito tiningnan. Walang tigil ang pagbalong ng luha ni Catherine kaya lalo itong nahabag sa kanya at walang salitang hinagod ang likod niya.

Sinisinop ni Gabriel ang mga kinalat ng kaibigan niya sa kanyang bahay nang marinig ang pagparada ng isang sasakyan na pamilyar ang tunog sa kanya. Sumilip siya sa bintana, at hindi nga siya nagkamali. Bumaba si Todd mula sa pick-up nito at nagmamadaling inakyat ang bahay niya.

Pagbukas ng pinto, napansin niya ang naniningkit na mga mata nito sa galit. At sa tingin niya, para talaga iyon sa kanya.

"Bakit?" kunot-noong tanong niya. Wala siyang natatandaang atraso niya rito para magalit ito nang ganoon sa kanya.

Hindi siya kinibo ng kaibigan. Sa halip ay inirapan siya saka umupo sa sofa.

Nahihiwagaang sinundan niya ito at hinarap. Naninibat pa rin ang mga mata nito.

"Si Catherine..." Nagsalita na rin ito sa wakas; pero sa tono nito, para itong nambibintang. "Alam kong kilala mo siya."

"Pinakilala mo kagabi," maang-maangang tugon niya.

"Naroon ka noong prom natin. Siya 'yung taga-*St. Therese High School*."

"Oo, sige. Naalala ko na," napilitang niyang pag-amin. "Pero ba't parang galit ka? May ginawa ba akong masama sa kanya?"

"Hah! Hindi mo alam? Wala na ang negosyo nila. Wala na rin ang malaking bahay nila. Walang-wala na sila."

Nabigla si Gabriel sa narinig. Umupo siya sa katabing sofa saka naniningkit ang mga mata na tiningnan niya ito.

"Ano'ng nangyari?"

Nagkibit-balikat si Todd. "Hindi ko alam. Pero hindi ko makuha kung bakit walang-wala na nga sila, ginigipit pa rin sila ng papa mo? Gusto niyang makulong ang tatay ni Catherine."

Bahagyang bumilog ang mga mata niya. "Teka lang, pare. Sigurado ka ba sa sinasabi mo?"

"Kausap kanina ni Catherine si Tito Monico."

# 3

Hindi nag-aksaya ng panahon si Gabriel. Wala silang ugnayan ni Catherine, pero mahalaga ito sa kanya at hindi niya ito maaaring pabayaan. Nagtungo siya sa gusali na kinaroroonan ng opisina ng kanyang ama. Hindi pansin ang mga empleyado na tuluy-tuloy siyang naglakad hanggang sa private office nito. Nabungaran niya itong nakaupo sa harap ng mesa nito, abalang nagbabasa ng kung anong mga dokumento.

Paglapit niya, napaangat ang ulo nito. Nakita niya ang pagguhit ng nakakapagdudang ngiti sa mga labi nito. Nagtiim ang mga bagang niya.

"Gabriel! Sa wakas, naisipan mo ring bumalik." Tumayo pa ito na wari ay balak siyang salubungin ng yakap.

Lalong tumindi ang galit niya nang marinig ang boses nito. Itinaas niya ang isang kamay para pigilan ito sa tangkang paglapit sa kanya. "Wala akong planong magtrabaho uli dito. Ayokong matutuhan ang kasakiman mo."

Natawa lang si Mr. Abrera bago tumalikod at

naglakad palapit sa bintana. Tumingin ito sa mga ulap na makikita mula roon. "Kung ganoon, ano'ng ginagawa mo rito?"

"Tigilan mo ang pamilya ni Catherine."

Hinarap siya nito. "Kilala mo si Catherine?" Hindi siya sumagot. "Hmm… parang naaalala ko na. Sa tingin ko, siya rin 'yung Catherine na niligawan mo noong high school." Tumawa ulit ito at tumangu-tango. "Tama, ilang araw ka ring nagmukmok nang dahil sa kanya, di ba? Dahil sa ginawa niya sa 'yo. Hindi ba pagkakataon mo na 'to para… gumanti?"

Biglang nagdilim ang paningin ni Gabriel. Nagsisisi siya kung bakit hinayaan pa niyang maging malapit sa ama noon at nasabi rito ang tungkol kay Catherine. His father was one hell of a manipulator.

Hindi sinasadyang na-overhear ni Gabriel sinabi ng ama sa kaibigan nitong kausap noon sa telepono. Nalaman niyang binayaran nito ang lalaking mapapangasawa sana ng kanyang kapatid na si Iris, para mapilitan itong hiwalayan ang fiancée. Ang nais kasi ni Monico ay sa isang anak ng kaibigan nito maipakasal ang kapatid niya. Ibinunyag niya iyon kay Iris. Ikinalungkot ng babae ang nalaman at sa ngayon ay masamang-masama ang loob nito sa ama. Kasalukuyan itong nagbabakasyon sa

America kasama ang kanilang ina. Halos hindi nila ito makausap nang maayos.

Pumapasok pa noon si Gabriel sa kanilang kompanya. Subalit dahil sa natuklasan at sa inis na rin sa ama, minabuti niyang tumigil na sa pagtatrabaho roon. Sa ngayon, mag-iisang buwan nang hindi siya nagpapakita sa matanda bilang pagrerebelde sa ginawa nito kay Iris.

Dahil sa pagbanggit ni Mr. Abrera tungkol sa paghihiganti laban kay Catherine, higit pa sa galit ang naramdaman ng binata kaya hindi niya napigilan ang sarili na pagtaasan ng boses ang magulang. Kumuyom din ang kanyang mga palad. "Huwag mo akong itulad sa 'yo!"

Lumambot ang mukha nito. "Okay then, ano'ng gusto mong gawin ko?"

"Nalaman kong nagpunta rito si Catherine at nakipag-usap sa 'yo. Gusto kong pagbigyan mo ang pakiusap niya," matigas ang boses na tugon ni Gabriel.

"At kung ayoko?"

"Then wala na akong kikilalaning ama. Ituturing na lamang kitang isang masamang panaginip, Papa."

Lihim na nasaktan si Mr. Abrera sa narinig. Gugustuhin pa ba nitong may isa pa itong anak na mananatiling galit dito habambuhay at hindi na ito kailanman mapapatawad?

Bumuntong-hininga ito. “You win this time, son. Kakausapin ko si Catherine, pagbibigyan ko na ang pakiusap niya... pero sa isang kondisyon.” Bumalik ito sa upuan nito.

Kumunot ang noo niya. “Anong kondisyon?”

“Kailangan mong bumalik dito, bukas na bukas rin.”

“Walang problema. Basta pakinggan mo lang si Catherine.”

“Ikaw ang nagsabi niyan.” Sa isip ni Monico, ito na ang pagkakataon nito para bumawi sa sakit ng kaloobang naidulot sa anak na si Gabriel. At malay nito, baka maibalik din ang nasirang samahan ng pamilya nila. He trusted his instinct too much. At sa tingin niya, bagay ang anak niya para kay Miss Trevilla. Hindi naman siguro ganoon kasama kung magmamala-Kupido siya…

---

Samantala, binisita ni Rosalina si Catherine sa

bago—o sa mas tamang salita, mas maliit at lumang bahay na nilipatan nila.

Natapos na ni Mica na ayusin ang sala dahil ilang gamit lang naman ang nadala nila. Ang iba, ibinenta na. Pero siya, abala pa rin sa pag-aayos ng kuwarto nila ng kapatid. Bumili siya ng isang double-deck bed dahil masyadong maliit ang kuwarto para pagkasyahin ang dalawang kama, saka niya inilagay ang maliit na couch sa tapat ng bintana. Sa tabi niyon ay ang study table ng kapatid niya, at ang dalawang aparador. Katapat ng kama ay ang tokador niya at isang computer set.

Magkatulong ang magkaibigan sa pag-aayos sa maliit na silid-tulugan.

"Okay na?" tanong ni Rosalina matapos niyang ipasok sa drawer ng tokador niya ang huling gamit mula sa isang pahabang kahon.

Tumango siya at umupo sa tabi nito sa couch saka sumandal. Pagod na pagod sila. At kitang-kita iyon sa pagtagaktak ng pawis nila.

"Kusina na lang," sabi niya nang hindi nililingon ang kaibigan dala ng sobrang kapaguran.

"Kaya na 'yung tapusin ng papa mo, may kasama naman siya," medyo hinihingal na sabi nito. "Maiba

tayo. Naalala mo ba si Gabriel?"

"'Yung kasama ni Todd kagabi? Oo," bale-walang sagot niya.

Nanlaki ang mga mata nito. "Ano! Ganyan lang ang reaksyon mo? Hindi mo ba sasabihing ang guwapo-guwapo niya, matangkad, maganda ang katawan, nakakabaliw ang ngiti?" anito in a dreamy manner.

Tumaas ang isang kilay niya. "Sa palagay mo may panahon pa akong kiligin sa kanya, matapos ng mga nangyari sa amin? Oras na lang ang hinihintay at makukulong na ang Papa."

Yumuko si Catherine, hawak ang ulo kaya kitang-kita ang problemang bumabagabag sa kanya. Ilang sandali pagkatapos, lumingon siya sa kaibigan.

"Pero hindi ko iyon hahayaan. Naniniwala ako na may magagawa pa ako."

Tahimik at malungkot na tumango si Rosalina. Tila ngayon, naisip na nito na mali ang magbukas ng ganoong klase ng usapan.

Pero habang tahimik sila, bumukas ang pinto ng kuwarto at iniluwa niyon si Mica. Galing ito sa pagwawalis sa harap ng bahay nila. "Ate, may

naghahanap sa 'yo sa labas."

Sabay na napatingin sa bintana ang mga kaibigan, pero pareho nilang hindi kilala ang lalaking pormal na pormal ang bihis at nakatayo sa labas ng bakuran. At sa kabilang bahagi ng daan, napansin din niya ang isang itim na kotse.

Lumabas si Catherine para alamin kung sino ang mga ito. Sa labas ng tarangkahan, sinalubong niya ang lalaking nakasuot ng coat and tie. "Sino sila?" magalang na tanong niya.

"Miss Trevilla, gusto sana kayong makausap ni Mr. Abrera. Nasa kotse siya." Ibinuka nito ang kanang palad sa direksyon ng nakahimpil na itim na kotse.

Tumango siya at sumunod dito. Binuksan nito ang pinto ng kotse at sa loob, kaagad niyang nakita si Mr. Abrera. Niyaya niya itong sa loob na sila ng bahay mag-usap ngunit tumanggi ito. Importante umano ang sasabihin nito at walang ibang tao ang dapat makarinig. Iminuwestra nito ang katabing upuan.

Nakatingin lang ito nang sumunod siya sa hiling nito.

"Miss Trevilla, hindi na ako magpapaliguy-

ligoy pa. Kaninang magkausap tayo, kung hindi ako nagkakamali, sinabi mong gagawin mo ang lahat para sa papa mo. Sigurado ka pa rin ba doon?"

Sa tono ng matanda, parang may ipapagawa itong hindi kakayanin ng dibdib niya. Pero desperado na si Catherine. Kahit ano pa iyon, wala siya sa posisyong mamili ng kondisyon.

"Sabihin n'yo po kung ano ang gusto n'yo," derecho niyang turan. Nag-iwan iyon ng maiksing ngiti sa labi ng kausap.

"Hmm…" Tiningnan siya ni Monico nang maigi na parang pinagdududahan ang tibay ng loob na ipinapakita niya. "Lahat, ha?"

Tumango siya kahit mas malakas ngayon ang kaba niya.

"Kung ganoon, kakalimutan ko rin lahat ng utang ng pamilya mo, pero kapalit n'on, pagsisilbihan mo ang anak ko hanggang gusto niya. Gagawin mo lahat ng gusto niya. Lahat, Miss Trevilla. Naiintindihan mo naman siguro iyon. At huwag na huwag mong pasasamain ang loob niya, dahil kapag may nalaman akong hindi ko nagustuhan, alam mo na siguro ang mangyayari."

Nanlaki ang mga mata ni Catherine. Hindi

niya akalain na ganito kasama ang lalaking inakala niyang kaibigan ng papa niya.

Alipin ng anak nito! Iyon ang gusto nitong gawin sa kanya. At kung nangangapal sa itim ang budhi nito, hindi marahil nalalayo ang anak nito. Pero kung ang impiyernong iyon naman ang magliligtas sa kanyang ama mula sa pagkakakulong, hindi na niya kailangang magdalawang-isip.

Bakas sa mukha ng dalaga ang matinding sama ng loob nang lumabas ng kotse. Gustuhin man niyang pumalahaw ng iyak, hindi niya iyon magawa.

Minaliit niya ang kasamaan ng taong kaharap niya kanina. Akala niya noong una, ganid lang ito sa salapi. Pero nagkamali siya, halang na pala ang kaluluwa nito.

Sinalubong siya ni Rose pagpasok niya ng bahay. Nalaman niyang nagpapahinga ang papa niya. Wala itong kamalay-malay sa ginawa niyang desisyon. At hindi niya alam kung paano niya iyon sasabihin, o kung dapat pa ba niya iyong ipaalam.

“Sino’ng kumausap sa ’yo?” usisa ng kaibigan niya habang sinasabayan siya nitong maglakad pabalik ng kuwarto niya.

Hindi siya kumibo. Pero pagpasok nila sa loob

ng silid, hindi na niya napigilang ilabas ang takot na nararamdaman niya. Umiyak siya at humagulhol sa balikat ni Rose.

Sinabi niya rito ang tungkol sa nangyari sa labas at ang ginawa niyang desisyon. Bukas na bukas din, kailangan na niyang pumunta sa bahay ng anak ni Monico Abrera. Kailangan niyang tanggapin ang kapalaran niya at iyon ay ang maging alipin nito… hanggang gustuhin nito ang serbisyo niya.

---

Ilang oras na lang, makakaharap na ni Catherine ang tinuturing niyang 'anak ng diablo.' Takot na takot siya pero kailangan niyang maging matatag. Nakasalalay sa kanya ang kinabukasan ng kanyang pamilya. Kaya kahit gaano kahirap, kailangan niya itong harapin. At dahil hindi niya nasabi sa pamilya ang ginawang desisyon, kailangan niya itong harapin nang mag-isa.

Ang sinabi na lang niya sa ama, pupunta siya sa malayong lugar para maghanap ng mapapasukan. Dahil mula nang mailit ang kanilang kompanya, wala na rin siyang trabaho.

Mabuti na lang, wala ang kanyang ama at may inasikasong ilang bagay sa abogado nito habang si

Mica naman ay pumasok sa school.

Paglabas niya ng kanilang tahanan ay isang makintab na puting *Mercedes-Benz* ang nakita niyang naghihintay sa harap ng bahay nila. Bumukas ang pinto sa tapat ng driver seat at nakita niya muli ang lalaking tumawag sa kanya noong nakaraang araw. Nagpakilala itong Guiller, isa sa mga assistants ni Mr. Abrera.

Binuhat nito ang mga gamit niya at ipinasok sa likod ng sasakyan. Matapos ang ilang segundo, tumakbo na ang kotse.

Ngunit habang palayo sila sa maliit nilang bahay, pakiramdam ng dalaga, parang lumalapit siya sa nagbabagang apoy ng impiyerno. Ilang minuto mula ngayon, makikilala na niya ang 'diablo' na magpapahirap sa kanya at sisira sa kinabukasan niya.

Marahil, kung malalaman lang ng ama niya ang kanyang ginawa, baka inatake na ito sa puso.

Para siyang naghihintay ng kamatayan sa loob ng kotse.

---

Sa loob ng ilang minuto, huminto ang *Mercedez-*

*Benz* sa tapat ng isang mukhang bagong tayong bahay. Malapit na iyon sa tuktok ng burol na bahagi ng isang exclusive subdivision.

Binuksan ni Guiller ang pinto ng sasakyan para kay Catherine. Ito na ang nagbuhat ng mga gamit niya. Pero hindi niya maintindihan kung bakit tinatrato pa rin siya nito nang may respeto at paggalang, kahit alam naman nitong magiging katulong lang siya ng anak ng amo nito.

Sinundan niya ito. At nang nakarating sila sa tapat ng kulay kahel na pinto, dalawang beses nitong pinindot ang doorbell. Pagkarinig sa tunog niyon, pakiramdam ng dalaga ay tumatagos iyon hanggang sa puso niya. Kakaibang kaba ang dulot niyon. Nang makita niyang nagsimula nang bumukas ang pinto, pakiramdam niya ay lalong kumabog ang kanyang dibdib.

Nang tuluyang bumukas ang pinto, isang lalaking naniningkit pa ang mga mata na tila kagigising lang at walang ibang suot kundi boxer shorts, ang nagpakita sa kanila.

*Oh, my God!* Nalimutan niya ang mga alalahanin kanina.

Kilala niya ang lalaking ito! At hindi siya

halos makapaniwala, ito ba ang anak ni Monico Abrera? Sa liwanag, masasabi niyang kulang pa ang paglalarawan ni Rose dito. Whew, he's really a hunk!

Kaya sa harap nito, walang siyang magawa kundi mapalunok sa pagtitig sa magandang katawan nitong nakahantad sa kanya.

Nang simulan nitong idilat ang mapupungay nitong mata ay matinding pagkagulat ang lumarawan sa mukha nito.

"Catherine!" bulalas nito.

*Bakit parang nagpapanggap siyang hindi niya alam na darating ako ngayon?* tanong niya sa sarili. Napalitan ng galit ang paghanga niya para rito sa isiping ito ang nakatakdang mang-alipin sa kanya habang-buhay mula ngayon.

Pinakitaan niya ito ng isang mapait na ngiti para malaman nito kung gaano siya namumuhi sa ginawa nito.

"Uhm... Sir," sabat ni Guiller. "Pinapasabi ng papa n'yo na tinutupad na niya ang pakiusap mo. Ngayon kung magbabago raw ang isip n'yo, madali naman daw ibalik sa dati ang lahat. Pero hindi ka na niya kakausapin uli tungkol dito."

Banta iyon, naintindihan ni Gabriel. Ang ibig sabihin ng kanyang ama, kung hindi niya sasayawan ang plano nito ay maaaring ikapahamak iyon ni Catherine at ng pamilya nito.

Pero hindi pa rin siya nawawalan ng loob. Kakausapin niya kaagad ang ama. Sa ngayon, tila wala siyang ibang puwedeng gawin kundi ang patuluyin ang dalaga sa bahay niya.

"Siya nga si Catherine," patuloy ni Guiller. "Siya na iyong pinapahanap mo."

Hindi alam ni Gabriel kung sinasadya nitong inisin siya. Bakit sinabi nito ang ganoong kasinungalingan sa mismong harap pa ng dalaga? Pero kung sinasadya man nito o hindi, kailangan na niya itong pigilan bago siya sumabog sa galit.

"Sige na." Inagaw niya ang mga gamit ni Catherine sa kamay ng lalaki. "Sabihin mo na lang sa amo mo na hindi ko nagugustuhan ang laro niya kaya kailangan naming mag-usap." Pinatuloy na niya sa loob ng bahay ang dalaga saka binagsakan ng pinto si Guiller sa labas.

"Umupo ka muna, magbibihis lang ako." Ibinaba niya ang mga gamit nito sa sala, saka mabilis na tinungo ang kuwarto sa ikalawang palapag ng bahay.

Napansin ni Catherine, simula pa lang nang masipa niya ang isang pares ng rubber shoes na nakakalat sa sahig pagpasok niya, kailangan talaga ni Gabriel ng mag-aayos at maglilinis sa amoy-lalaking bahay na iyon. Hindi nakaligpit ang pinagkainan sa mesa sa sala, nakakalat ang mga damit nitong hinubad sa sofa, may basura siyang nakikita—upos ng sigarilyo, box ng pizza, bote ng beer. Sino ang makakatiis tumira sa ganoon kaburarang bahay? Napasimangot siya.

Ilang sandali pa, nakita na niyang bumababa ng hagdanan ang binata. Nakasuot na ito ng t-shirt at basketball shorts. Pero kita pa rin niya ang matikas na katawan nito. Totoo nga marahil, na hindi nagpapakita ang diablo sa tunay at pangit na hitsura nito. Nagpapalit ito ng anyo para makapanlinlang.

"Pasensya na kung medyo magulo rito, nandito kasi si Todd kagabi," sabi nito.

*Medyo magulo? Parang dinaanan nga ng bagyo 'tong bahay mo*, gusto niyang isiwalat. Pero wala siyang planong makipag-usap dito nang kaswal kaya hindi pa rin siya kumibo.

Paglapit sa kanya, binuhat nito ang mga gamit

niya saka siya nginitian.

"Halika, ipapakita ko sa 'yo ang magiging kuwarto mo." Tumalikod ito at naglakad, subalit nanatili lang siya sa kanyang kinauupuan.

"Sir!" may pang-uuyam niyang tawag dito.

Napalingon ito. "Bakit? May problema ba?"

"Nakuha ko na. Gagawin ko lahat ng gusto mo, hindi ako magrereklamo… kaya hindi mo na kailangang magbait-baitan," matabang na sabi niya bago tumayo at sumunod dito.

Inis ang nakita ni Catherine sa mga mata ng lalaki nang tumitig sa kanya. Marahil, nagsisimula nang umakyat ang galit sa ulo nito. Pero nagkamali siya. Dahil sa sumunod na sandali, gusto na nitong humingi ng paumanhin.

"Huwag kang magalit sa 'kin, please. Aayusin natin ito. Kakausapin ko ang Papa. Makakabalik ka rin sa inyo," he promised. Kung pakikinggan, para bang totoong-totoo iyon. Mabuti na lang, alam niya ang huwad sa hindi.

Idiniin niya paitaas ang kanang gilid ng labi niya saka ito inilingan. "Sir, ako ho ang bago n'yong katulong at nandito ho ako para linisin ang bahay

n'yo at sundin lahat ng ipag-uutos n'yo."

"Catherine, ako si Gabriel. Ipinakilala ka ni Todd sa 'kin noong isang gabi, hindi mo ba naaalala?"

Lalong nainis ang dalaga. Ano pa ang ibang pinaplano nito? Malinaw ang gustong mangyari ng ama nito at iyon ay angkinin ng anak nito ang lahat-lahat sa kanya. Imposibleng hindi iyon alam ng binata. At sigurado siya, ang herodes na ito ang nagplano ng lahat.

Kung nanligaw ito marahil sa kanya, maaaring malinlang pa siya nito at kumagat sa inihahanda nitong patibong. Pero ibang laro ang ipinagawa nito sa demonyo rin nitong ama. At iyon ay ang i-blackmail siya para sundin niya ang lahat ng gusto nito.

*Manipulator!*

Binale-wala na lang niya ang sinabi nito at nagpatuloy na naglakad papuntang hagdanan. Tumahimik din si Gabriel.

Nakita niya ang mga pinto ng magkatabing silid. Binuksan ng binata ang isa at nalanghap niya ang amoy-lalaki sa kuwartong iyon. Hindi tuloy niya alam kung iyon na ang simula ng pagpapahirap nito sa kanya.

"Dito natulog si Todd kagabi, lasing kasi kaya amoy-alak," paliwanag nito. "Pagpasensyahan mo sana."

Pinagmasdan ni Catherine ang silid. Malaki, may malapad na kama, kompleto sa gamit. Paano iyon magiging kuwarto ng katulong samantala mukhang guest room iyon?

"Sige, iiwan muna kita para makapag-ayos ka na ng gamit mo. Kung may kailangan ka, puntahan mo lang ako sa 'baba."

Ngumiti uli ang lalaki bago siya talikuran. Talagang desidido itong ipagpatuloy ang pagpapanggap. Pero anuman ang dahilan nito, siguradong masama pa rin ang kalalabasan. Dahil ngayon pa lang na wala itong ginagawa ay naaakit na si Catherine. Sa ngiti nitong nakakasilaw, sa labi nitong gusto niyang halikan, sa katawan nitong humuhubog sa damit nito. Nakakainis, pero lahat iyon ay gusto niyang makuha at madama kaya nagagalit siya sa sarili. Pero ano ang magagawa niya kung iyon ang nararamdaman ng dati ay hindi naman mapagnasang laman niya?

"Gabriel!" tawag niya. Tumigil ito malapit sa pintuan saka siya hinarap. "Hindi kita maintindihan. Ba't mo pa ito ginagawa? Alam naman natin kung

ano ang gusto mo.”

“Ha?” nagtatakang tugon nito na tila ba totoong wala itong maintindihan sa sinabi niya. Gayunpaman, hindi siya tanga para magpadala sa kunwaring kainosentehan nito.

Bigla-bigla, sinunggaban niya si Gabriel. Ang dalawang kamay niya ay humawak nang mahigpit sa manipis nitong damit sa parteng dibdib. “Let’s get this done and over with!”

Walang babalang binigyan niya ito ng isang mahaba at mariing halik.

Pag-atras niya, nakita niyang nanlalaki ang mapupungay nitong mata. Tila ito isang lalaking unang beses pa lamang na nahalikan.

“B-bakit?” gilalas na tanong nito.

Sa halip na sagutin iyon, itinulak niya ito pahiga sa kama at dahan-dahang nilapitan. “Huwag ka nang magmaang-maangan. Alam naman natin kung ano ang gusto mo.”

“Catherine, hindi! Huwag mong gawin ’to sa sarili mo.”

Sinubukan nitong bumangon para hindi niya maituloy ang napipintong gawin niya rito pero huli

na. Pumatong siya rito at muli itong hinalikan sa bibig. Ang mga labi niya ay naghahangad ng higit pa.

Sa sumunod na sandali, hindi na ito nakaiwas sa pang-aakit ni Catherine. Natagpuan na lang nila ang mga sarili na walang damit, naliligo sa kanilang mga pawis habang nagtatagisan ng halik ang kanilang mga labi at kinakabisa ng mga kamay nila ang katawan ng isa't isa.

# 4

*Sa wakas nagawa ko rin*, sabi ni Catherine sa kanyang sarili habang katabi si Gabriel sa iisang kama. Pareho silang hubo't hubad. Naibenta na niya ang kanyang katawan sa 'diablo.' Dahil kung ito pa ang mangpupuwersa sa kanya, baka makagawa siya ng pagkakamali na maaaring ikapahamak ng pamilya niya. Pero kakaiba ang pakiramdam niya sa mga nangyari, hindi niya maintindihan.

Nang tumingin siya sa lalaki, nagtama ang kanilang mga paningin. Tumitig ito sa kanya nang may lungkot. Habang nagtatagal, unti-unti niyang napapagtanto kung ano ang kakatwa sa nararamdaman niya.

Hindi! Hindi puwedeng ayos lang ang nangyari. Bumangon siya; isinandal ang likod sa headboard ng kama at tinapunan ng matalim na tingin ang katabi.

"Ano? Masaya ka na ba? Kontento ka na?" asik niya.

"Hindi ba dapat ikaw ang tanungin ko?" marahas na tugon ng lalaki. Mabilis itong bumangon at nagsimulang magbihis.

Galit lang, at wala nang iba, ang mahahalata sa kanyang anyo. "Hanggang ngayon ba tumatanggi ka pa rin?"

Nilingon siya nito at matamang tiningnan. "Wala akong itinatanggi. Pero aaminin ko sa 'yo, gusto kita. Ang totoo pa niyan, baliw na baliw ako sa 'yo. Huwag kang mag-alala, pananagutan ko ang nangyari sa 'tin. Pakakasalan kita."

Noong una, natigilan si Catherine. Pero sa sumunod na sandali, natawa na siya. "Gusto mong maniwala ako? Pagkatapos ng mga nangyari, gusto mo pa ring maniwala ako? Hindi ako tanga! Alam ko naman na katawan ko lang ang habol mo. At ibinigay ko na sa 'yo. Kaya pakiusap, tama na! Ipapagamit ko sa 'yo ang sarili ko kahit kailan mo gusto—hanggang sa magsawa ka! Tigilan mo lang ang pagpapanggap mong mabait at walang kaalam-alam sa sitwasyon!"

Binalot ng tension ang buong kuwarto. Lahat ng galit, na ngayon pa lang naramdaman ng dalaga, itinuon niya kay Gabriel. Ano pa ang gusto nito? Ibinigay na niya ang katawan niya, pero tila kulang pa rin iyon sa binata. Marahil, hangga't hindi siya nito nakikitang naghihirap, hindi ito titigil.

Subalit nang tingnan niya uli ito, naguluhan siya. Bakit tila malungkot ito at natatakot humarap

sa kanya?

"Hindi ko alam kung ano ang napag-usapan ninyo ng Papa," basag nito sa nakakabinging katahimikan. "Pero maniwala ka, kung ano man iyon, wala akong kinalaman. Kakausapin ko siya. Aayusin natin ito."

"Natin?"

"Oo, natin. Wala akong planong kalimutan ang nangyari. Hindi na tayo bata, Catherine. Pareho nating ginusto iyon, pero alam mo na isang mabigat na responsibilidad ang kabalikat n'on. Na kailangan nating harapin nang magkasama." Tiningnan siya ng lalaki nang derecho at nakita niyang may pag-aalinlangan sa mga mata nito.

Totoo, ang sarap pakinggan ng lahat ng salitang nagmula sa bibig nito. Pero ang katotohanan na pulos kasinungalingan ang lahat ng iyon ang nakakapagpakulo ng dugo niya.

Magsasalita na sana siya para makita nito ang galit niya, pero tila nilipad ng hangin ang mga salitang ibabato niya nang nginitian siya nito. Nagmadali na itong lumabas ng kuwarto.

"Ihahanda ko lang kakainin natin." Isa pang ngiti ang ibinigay ni Gabriel bago isara ang pinto.

Asar.

Dapat matinding poot ang mararamdaman ni Catherine sa binata pagkatapos nitong angkinin ang katawan niya. Pero bakit simpleng pagkainis lang ang mayroon siya para rito? Sa lahat ng lalaki, bakit dito pa siya nakaranas ng matinding pangangailangan? At ngayon, gusto pa niyang magkaroon sila ng take two!

---

Sa hapag-kainan, may ngiti sa labi na inilapag ni Gabriel ang kakaprito lang niyang ham, bacon at sinangag. Umupo na siya sa isang silya. Nasa isipan pa rin niya ang nangyari sa pagitan nila ni Catherine at hindi siya makapaniwalang naganap nga iyon.

Ang malaking tanong lang ay bakit? At bakit siya nito inaakusahan na siya ang may gusto noon at parang napilitan lamang ito? Hindi ba't ito ang bigla na lang humalik sa kanya? Ano ba ang nangyari sa pagitan ni Catherine at ng papa niya?

Habang nag-iisip, narinig ni Gabriel ang pagbaba ng dalaga sa hagdanan. At ilang sandali pa, naroon na ito sa entrada ng silid-kainan. Nakasuot ito ng maong shorts at puting blouse, na sa tingin niya ay ang karaniwan nitong pambahay.

"Hinintay talaga kita. Tara, kain na tayo." Tumayo siya at ipinaghila ito ng isang upuan.

"Talagang pinanindigan mo na, ah?" sardonic nitong sabi. Umupo ito saka ibinaling ang tingin sa kanya.

Iyon ang kailangang itanong ni Gabriel dito. Ano ang iniisip nito? Bakit ito nagkakaganoon?

"Hindi kita maintindihan. Kanina, pinagbintangan mo 'ko na ako ang may gusto ng mga nangyari, gayong malinaw na ikaw ang—" Tumigil siya nang bigla itong magtaas ng kilay.

"Gabriel, hindi ako aalis. Iyong-iyo na 'ko." Tumayo si Catherine saka paunti-unting lumapit sa kinauupuan ni Gabriel. Muli, binigyan niya ito ng isang matunog na halik sa mapulang labi nito. Hindi mahalaga kung ano ang iisipin ng binata sa kanya. Ang alam niya, walang saysay iyon kumpara sa kasamaang ginawa at kayang gawin nito sa kanya. At higit pa roon, gusto niyang magtanggal na ito ng maskara. Para tigilan na nito ang pagpapanggap at para kung papahirapan siya ay simulan na nito ngayon kaagad.

Nagkatitigan sila, bakas ang pagtataka sa anyo ng binata. Umakma siyang hahalikan ulit ito pero

bigla itong umiwas. Napaatras siya dahil sa ginawa nito.

*Ang kapal ng mukha!* sigaw ni Catherine sa isip.

Napahinga siya nang malalim at nagsalubong ang mga kilay niya.

Bakit ito nagagalit? Dahil ba hindi niya nagugustuhan ang hindi nito tinitigilang pagpapanggap—o dahil napahiya siya sa nangyari?

Nagsalita si Gabriel, "Wala akong alam sa mga sinasabi mo, Catherine. At hindi ko alam kung bakit ka nagkakaganyan!" Binigyan nito ng diin ang sinabi.

"Talaga?" may pagkasarkastikong tanong niya.

"Talaga!" mabilis na sagot nito. "At kung hindi ka magpapaliwanag, iisipin ko na pagpup*ta ang ginagawa mo."

Nasampal niya ang lalaki. Matapos siya nitong takutin para magamit, ang lakas ng loob nitong hamakin ang pagkatao niya. Hindi niya maatim na narinig iyon mula rito kaya nagmadali siyang tumalikod habang umiiyak at tumakbo palabas ng komedor. Oras na lang ang hinihintay, nararamdaman niya, ilalabas na nito ang tunay nitong kulay.

Nakonsyensya naman si Gabriel sa nasabi sa

babae. Alam niyang hindi dapat, pero nabitiwan na niya ang mga salita at nalibak ang pagkatao nito.

---

Ang araw na iyon dapat ang unang araw ng pagbabalik ni Gabriel sa kompanya ng kanyang papa. Pero dahil sa pagdating ni Catherine, hindi siya nakapasok. Ngunit pupunta pa rin siya roon para kausapin ang ama tungkol sa mga di-inaasahang pangyayari.

Mabilis siyang nagbihis, pagkuwan ay nagmaneho patungo sa *MA Manufacturing Corporation*. Sa lobby pa lang ng gusali ay nakita na niya ang maawtoridad na mukha ng kanyang ama; naglalakad ito papuntang elevator.

Hinabol niya ito. At nang nalapitan na niya at nasabi ang pakay, pumayag naman itong makipag-usap sa kanya pero sa loob ng opisina nito.

"Gusto mong tsaa?" tanong ng mas nakatatandang lalaki nang nandoon na sila sa opisina nito.

"No thanks, Pa." Nanatiling nakatayo si Gabriel. "Ang gusto ko, ipaliwanag na ang mga pinaggagagawa mo kay Catherine at sa pamilya niya. Akala ko ba may kasunduan na tayo?"

Lumapit muna si Mr. Abrera sa mesa nito at ipinatong doon ang ilang papeles, pagkuwan ay lumayo roon. Umupo ito sa sofa malapit sa desk at sinabi, "Tumupad naman ako. Ang sabi mo, pakinggan ko ang pakiusap niya. At kung hindi mo alam, siya mismo ang nag-alok sa sarili niya na magtrabaho sa 'tin para mabayaran niya ang utang ng ama niya. Nagkataon naman na nagpapahanap ka ng katulong at ikaw ang nagpilit n'un kaya dinala ko sa 'yo si Catherine."

Hinarap niya ang ama. "Kung bibigyan mo siya ng trabaho, bakit iyon pa gayung alam mong higit pa ang kaya niya? At imposibleng wala kang ibang ginawa, kilala kita."

Tumangu-tango ito bilang pagkumpirma ng bintang niya. "Tama ka, mayroon nga. Pagdating ng araw, hijo, maiintindihan mo rin ang ginawa ko. Isa pa, ano ba'ng masama kung bilhin ko para sa 'yo ang laruan na matagal mong iniyakan? Isa pa, hindi naman siya nagreklamo," tugon nito. "At ayaw mo ba iyon, lahat ng gusto mo'y gagawin niya?" May kumislap na kapilyuhan sa mga mata nito.

Nanggigil naman si Gabriel sa galit. "Hindi ko akalaing ganito ka kasama, Papa." Kinuyom niya ang mga kamay. Kung hindi lang kasalanan sa Diyos,

baka nasaktan niya ito. "Spare her, Papa. Huwag mo siyang idamay sa away natin," seryosong saad niya. "Kung hindi, ibebenta ko lahat ng shares ko dito. At pag ginawa ko iyon, kayang-kaya ka nang paalisin ng mga kaagaw mo rito."

Naging seryoso ito bigla. May bahagyang lungkot na bumakas sa mga mata nito, pero hindi siya sigurado kung totoo iyon. "O, sige. Panalo ka na ulit. Sabihin mo na sa mahal na mahal mong si Catherine na puwede na siyang umuwi dahil malaya na siya. Hindi ko na siya papakialaman."

Nagulat siya sa sinabi nito. *Gan'un lang?* Malaya na si Catherine? Kung kailan naman nasira na niya ang buhay nito dahil sa kagagawan ng sira-ulo niyang ama. Ano ngayon ang gagawin niya?

"Natahimik ka. Hindi mo ba 'ko narinig? Sabi ko, puwede mo nang pauwiin si Catherine. Ikaw naman ngayon ang tumupad sa kasunduan natin. Ilang linggo akong mawawala, at gusto ko, simulan mo na ang pagtatrabaho mo rito. Malinaw?"

Narinig niya ito, pero hindi mapakawalan ng isipan niya ang sinabi nito na maaari na niyang pauwiin si Catherine. Paano niya gagawin iyon matapos ang nangyari ilang oras pa lang ang nakakalipas?

Sa kaiisip, pumasok ang isang ideya sa utak niya. Hindi naman siguro kailangang sabihin niya kaagad kay Catherine ang tungkol sa desisyon ng ama. Siguradong aalis ito kung malalaman nitong malaya na ito at mahihirapan na siyang suyuin ang dalaga. Pero kung titira ito sa kanya kahit isang linggo lang, maaari pa siyang makagawa ng paraan para mapalapit dito. Para tulungang buuin ang sinira niyang buhay nito. Isang linggo lang naman.

Walang nakakaalam kung ano ang maaaring gawin ni Catherine, kung aalis ito. At sa nakikita niyang kinikilos nito, hindi malayong lalo nitong sirain ang sarili.

May kasalanan din siya kaya responsibilidad niya ito. Pero kung sa loob ng isang linggo ay wala siyang magawa, nararapat lang na ibigay na niya rito ang kalayaan nito.

Pero determinado siya. At alam niya na kaya niya. Mapapaibig niya si Catherine.

# 5

Bago umuwi, bumili siya ng isang dosenang pulang rosas para ibigay kay Catherine. Alam niya, may sumpong ito. Pero nagbabakasakali pa rin siyang magugustuhan nito iyon.

Nang makarating siya sa kanyang bahay, hindi naka-lock ang pinto nang pihitin niya ang doorknob. Maingat niyang binuksan iyon at hindi siya makapaniwala sa pagbabagong nangyari habang wala siya. Ang linis na ng bahay niya! Wala na lahat ng basura at dumi sa sahig. Ang maruming damit ni Todd sa sala, nailigpit na. Ang mga muebles, nagkikintaban sa linis. Parang imposible, pero iyon ang nakita ng mga mata niya.

Dumerecho siya sa loob ng bahay.

Pagpasok niya sa silid-kainan, hindi na niya dinatnan ang iniwan niyang kalat. Malamang nahugasan at nalinis na ang mga pinagkainan. *Ayos, ah!* aniya sa sarili.

Pero nang tunguhin niya ang kusina, tumambad sa kanya ang nakakauyam na simangot ni Catherine habang hawak-hawak nito ang ilang maruming

damit. Sandali siya nitong tinapunan ng tingin, pagkatapos ay halos hindi na siya pinansin. Ganoonpaman, kaagad siyang lumapit para iabot ang dalang mga rosas.

*Grabe*, he told himself. Pinagpapawisan ito at halatang pagod na pagod sa trabaho, pero bakit mukha pa rin itong mabango at ang sarap halikan?

"Para sa 'yo." May ngiting inabot ni Gabriel ang hawak-hawak na mga bulaklak.

Ibinaling nito ang paningin sa kanya. "Para saan 'yan?"

"Nakausap ko ang Papa, sinabi na niya sa 'kin lahat. At... gusto ko sanang ihingi iyon ng tawad sa 'yo. Pero maniwala ka, wala akong alam d'un," mahinahong tugon niya.

"Gusto mo 'kong maniwala?" Iniwasan siya nito para magpunta sa laundry area pero napansin niya ang pagtigil nito sa paglakad.

Alam niyang mahihirapan siyang papaniwalaan ito. Ngunit ang mas inaalala niya ngayon ay ang takot niyang madulas at masabi rito ang dapat nitong malaman—na malaya na ito. Nagiging sakim na ba siya kaya ayaw niyang sabihin iyon? Hindi! Inaalala lang niya ang maaaring mangyari rito pagkatapos…

pagkatapos niyang nakawin ang dignidad nito.

"Ano? Ba't hindi ka makakibo? Sabi ko na nga ba!" Tumalikod na ang dalaga saka itinuloy ang paglakad papunta sa kinaroroonan ng washing machine.

Pero bago ito makalayo, kaagad niya itong tinawag, "Catherine!"

Tumigil ito at pinagmasdan siya. Bawat anggulo niya, sinuri nito at tiningnan nang may pagdududa.

Tinuloy ni Gabriel ang sasabihin, "Kahit hindi ka maniwala, iyon ang totoo. At handa kong patunayan iyon sa 'yo."

Ipinatong nito ang hawak na mga damit sa lamesa saka siya nilapitan. Kinuha na nito ang bungkos ng rosas sa kamay niya. "Napaka-romantic!" Inamoy nito ang bulaklak. At pagkatapos, mabilis siyang ninakawan nito ng halik. "Pero hindi mo na ako kailangan pang bigyan ng bulaklak. Gamitin mo na lang ako, kung kailan mo gusto."

Nag-init ang ulo niya. "Tigilan mo na nga 'to! Hindi ka alipin dito na p'wedeng kong gamitin kahit kailan ko gusto. Kasalanan ito ng papa ko, pero handa ko iyong ituwid."

Bahagya itong ngumiwi matapos marinig ang sinabi aniya. Mayamaya, tahimik siyang tinalikuran nito, dala-dala ang mga bulaklak.

Bago kunin muli ni Catherine ang mga damit sa mesa, napangiti siya. Kabaliwan, pero hindi niya mapigilan ang sarili; patindi nang patindi ang pangangailangan niya para kay Gabriel. Sa kabila ng kaalaman niya kung anong klaseng tao ito.

Tuwing nakikita niya anag binata, hindi niya maiwasang hubaran ito sa kanyang berdeng isipan at kapag may pagkakataon, sinasadya niyang mapadikit sa kahit anong parte ng katawan nito, basta lamang makaramdam at makatamasa ng satisfaction. At kahit alam niyang hindi iyon tama, hindi pa rin niya maiwasang pagnasaan si Gabriel.

---

Nang hapong iyon, gusto sanang kausapin ni Gabriel si Catherine pero naduduwag siya. Dahil tuwing lalapit siya, may ginagawa itong labag sa kagandahang-asal. Nasasarapan siya sa mga panakaw nitong halik at paghawak, subalit alam niyang pilit iyon at unti-unti niyong inuupos ang natitirang respeto nito sa sarili.

Dahil nga lang ba sa kagagawan ng papa niya?

O dahil sa paghahangad niya rito?

Pinag-iisipan pa lang niya ang susunod na hakbang na gagawin nang magpakita uli ang dalaga sa kanya. “Sir, puwede ho bang magpahinga?” Umupo ito sa parehong sofa na sinasandalan niya.

“Catherine?”

“Uhm… Sir, kung may iuutos kayo, puwede ho bang mamaya na? Pagod na pagod na ho ako sa kakatrabaho, kung hindi n’yo pa napapansin.”

May sasabihin sana si Gabriel, pero ngayon, nag-aalinlangan na siya. Gusto niya itong imbitahang lumabas, para manood ng sine. Pero pumayag kaya ito? Siguro kung iuutos niya ay hindi ito makakatanggi; buo na kasi sa isipan nito na alipin niya ito.

Pero baka gawin nito sa labas ang ginagawa nito sa kanya rito sa bahay? Paano kung may makakita—mga kaibigan nito o mas malala, magulang nito? Sigurado, siya ang malalagot.

“Uhm… Sir…” Tiningnan siya nito. “Puwede ho bang lumabas mamaya? Kahit bantayan n’yo ako, okay lang. Saka hindi naman ako tatakas. Gusto lang kasing makipagkita ng kaibigan ko, si Rose. Pero pangako, tatapusin ko muna lahat ng ipag-

uutos n'yo bago ako umalis."

Nginitian niya ito. "Sige! Ihahatid na kita."

"Baka ho, babantayan?"

"O, sige. Babantayan." Sinabayan na niya ang kagagahang pinapakita nito.

Ilang sandali, hindi sila nagtitinginan. Nakaupo lang si Catherine, halos hindi gumagalaw. Habang si Gabriel, nagkukunwaring binabasa ang magazine na kadadampot lang niya. Pero ang totoo, hindi siya mapakali. Lalo na't alam niya na ang kanyang katabi ay basta na lang gumagawa ng mga nakakabiglang bagay.

Saglit pa ay tiningnan na siya nito. "Uhm... Sir—"

"P'wede bang 'Gabriel' na lang ang itawag mo sa akin at walang ho?"

"O, sige, Gabriel. Hindi ka ba nanghihinayang sa perang pinambili mo sa 'kin? Kasi hindi ko maintindihan. Hindi ba dapat sabik na sabik ka sa bago mong laruan? Pero sa nakikita ko, parang ayaw mong gamitin."

Ipinikit niya ang isang mata saka ito nginitian. "Hindi..." Mas hinabaan pa nito ang ngiti. "Ayoko

lang masira. Sobrang ganda kasi!"

Namula bigla ang pisngi ni Catherine. Gusto niyang inisin si Gabriel, para ilantad na nito ang kawalanghiyaang tinatago nito, pero hindi niya inaasahang may ganoon itong sasabihin. "Akala mo ba *Barbie* ang laruan mo? Mali ka. Mumurahing de-susing manika ang nabili mo?" ganti niya.

"Ganoon ba? Pero bakit gumagalaw kahit hindi mo susiin? Nanghahalik pa nga bigla."

"Gaya nito?"

Mabilis siyang lumundag pero mabilis din itong nakatayo, kulang lang nang kaunti sa bilis ni *Superman*, kaya sumubsob ang mukha niya sa sofa.

Nalukot ang mukha niya sa inis. "Akala mo ba makakatakas ka?" Tumayo siya at umakmang lalapitan ito.

"Catherine, tama na." Hinarang ni Gabriel ang dalawa nitong kamay para hindi siya makalapit. "P'wede bang pagkatapos na lang ng kasal?" Ngumiti pa ito.

Gusto ba talaga niyang tuluyang sirain ang sarili sa lalaking ito? O gusto lang niyang matikman uli ang halik nito? Kung titingnan ang mga kinikilos ni

Catherine, parang gusto niya lang talagang gawin ang mga ginagawa niya at hindi na para ihinto ang pagpapanggap nito.

At ang mga pinapakita nito, parang totoo. Hindi siya tinatakot at hindi rin siya pinagsasamantalahan. Ang totoo niyan, simula nang dumating siya ay tinrato siya ni Gabriel nang may dignidad at respeto. Siya lang ang nambababoy sa sarili niya na noong umpisa ay dahil sa takot kaya matapos ang nangyari, gusto na niya kaagad danasin iyon kay Gabriel. Pero ngayon, hindi na niya alam kung ano ang talagang gusto niya.

Mali kaya ang hinala niya rito? Paano kung totoo ang mga ipinapakita nito at hindi tulad ng iniisip niya na isang laro lamang?

---

Nagmistulang driver ni Catherine si Gabriel dahil pinagmaneho siya nito patungo sa lugar kung saan niya kakatagpuin si Rosalina. Sa isang restaurant iyon sa Clark Field at medyo may kalayuan ang lugar mula sa bahay nito.

Pagpasok ng dalaga sa kainan, nakita niya kaagad si Rose na nakaupo sa pangdalawang-taong lamesa. Hinayaan niyang manatili sa labas si Gabriel

at maghintay sa kanya.

Umupo siya sa harap ng kaibigan.

"Pumili ka na, bilis." Kaagad na iniabot ni Rose ang menu sa kanya. "May ikukuwento ako."

Tulad ng inaasahan niya, nakalimutan na naman nitong alamin kung ano ang kalagayan niya. Si Rose lang kasi ang tanging nakakaalam kung ano ang napag-usapan nila ni Mr. Abrera. Ngunit may masama ba talaga sa kalagayan niya? "Sige..." Matapos silang mag-order, sinabi niya, "Ano ba 'yon?"

"Naalala mo 'yong kasama ni Todd noong isang gabi, si Gabriel? Nakita ko siya kanina. Grabe, ang guwapo-guwapo pa rin niya!" Papatid-patid ang pagtili nito.

Napasimangot si Catherine. "Siya ba ang dahilan kung bakit mo 'ko pinapunta rito? Hindi mo ba aalamin kung ano'ng ginawa sa 'kin ng anak ng 'diablo'?"

"Pasensya na. Nakalimutan ko. May masama ba siyang ginawa sa 'yo? Tinangka ka ba niyang gahasain? Magtiis ka lang, mag-iisip ako ng paraan para makaalis ka diyan sa sitwasyong iyan."

Hindi ito mukhang nag-aalala dahil wala rin siyang pinapakita na dapat nitong ipag-alala. At parang gusto nitong balikan ang sinasabi.

Si Gabriel? Ano kaya ang magiging reaksyon nito kapag nalaman nito na ang lalaking hinahangaan nito ang siya ring lalaking tinutukoy niyang 'anak ng diablo'?

Umiling-iling si Catherine. "Hindi. Hindi niya 'ko pinagtangkaan. Pero natakot ako kaya ibinigay ko nang kusa ang sarili ko. Ang nakakapagtaka, para siyang nabigla sa mga nangyari. Sinabi niyang wala siyang kinalaman sa panggigipit sa akin ng tatay niya. Pero alam naman nating nagsisinungaling siya."

"Sa paraan ng pagkukuwento mo, parang wala lang sa 'yo ang nangyari. Hello! Binigay mo ang sarili mo, kasi tinakot ka ng papa niya, bakit parang okay lang sa 'yo? Twenty-four years mong inalagaan ang sarili mo, minsan ka lang nagka-boyfriend. 'Tapos, ganoon lang? Di ba dapat umiiyak ka ngayon?" usisa ni Rosalina.

Humilig palapit sa kaibigan. "Eh, kung sabihin ko sa 'yo na ang kinababaliwan mong si Gabriel ang 'anak ng diablo'?"

"Ano ba naman 'yan? Sana kung may isasagot ka, 'yung may katuturan." Pakiramdam ni Rose, ginagago niya ito.

"Siya nga!"

"Hello? Si Gabriel, 'yung mukhang anghel na iyon? Siya ang sinasabi mong 'anak ng diablo'?" Hindi pa rin naniniwala ang kaibigan niya.

Minabuti ni Catherine na tumingin sa labas ng glass wall ng restaurant para hanapin ang binatang naghihintay sa sasakyan. Eksakto namang nakatingin din ito at nakangiti sa kanya mula sa nakababang bintana ng silver gray na kotse nito.

"'Ayun siya, o! Tumingin ka nga d'un para maniwala ka." Tinuro niya ito.

Lumingon si Rose sa tinuturo niya. Nang muli nitong ibalik ang pansin sa kanya, nakanganga na ito at nanlalaki ang mga mata. "Oh, my God!"

"Kaway ka, nakatingin siya," utos niya.

Kumaway naman ito. At kumaway rin pabalik si Gabriel at sinuklian pa ito ng isang malawak na ngiti. Kitang-kita pa rin ang pagkabigla sa mukha ni Rose. "Paanong…?"

"Nabigla rin ako kanina. Siya pala ang nag-

iisang anak ng mga Abrera," paliwanag ni Catherine.

"Sinabi mo, may nangyari sa inyo. At siyempre, kanina lang iyon. 'Tapos, okay ka lang? Hindi ka takot. Hindi ko maintindihan!" Tila gusto nitong sabunutan ang sarili dahil sa nakikitang parang bale-wala lang sa kaibigan ang namagitan sa kanila ni Gabriel.

"Hindi ko rin siya maintindihan. Ang bait-bait niya, parang totoo. At kahit alam kong hindi totoo iyon, paniwalang-paniwala ako."

"At ikaw?" pagtataka nito. "Ano'ng nangyari sa 'yo?"

Tiningnan niya uli si Gabriel sa labas. Hindi na ito nakatingin sa kanila. "Hindi ko alam. Kanina, takot na takot ako. Ang inaasahan ko, gagamit-gamitin ako nang paulit-ulit ng isang demonyo. Pero ngayon, matapos ang nangyari sa 'min, parang ako pa tuloy ang gustong gumamit sa kanya nang paulit-ulit rin pero ayaw na niya. Nagpapakipot. Nakakainis! Hindi ko alam kung anong laro ang gusto niya. Kunwari gentleman siya; kunwari mabait," himutok niya.

Sinilip uli ni Rosalina sa labas ng glass wall ang binata. "Kung gusto niyang makipaglaro, bakit hindi ka sumali kaysa naman mainis ka? Magkunwari

kang naniniwala sa charade niya."

Pinag-isipan niya ang sinabi ng kaibigan at sa tingin niya, tama ito. Bakit nga naman hindi siya makipaglaro kung iyon ang gusto ni Gabriel? Tutal, sira na siya; ginamit na siya nito. Kung may iba pa itong planong masama, wala nang mawawala sa kanya, hindi na siya masasaktan.

Paglabas nila ng restaurant, sinalubong sila ni Gabriel nang nakangiti. Pinakilala niya uli si Rose dito. May ngiting nakipagkamay ang kaibigan niya sa lalaki.

Pero biglang nakiusap ang binata na kausapin si Rose nang hindi siya kasama. Wala namang problema sa kanya dahil alam niyang hindi siya tatraydurin o paglilihiman ng kaibigan.

---

Lumayo sina Gabriel at Rose kay Catherine. Naroon pa rin sila sa parking lot malapit sa restaurant at kita nila ang dalaga na nakaupo sa isang bench sa isang parke malapit sa kinaroroonan nila.

"Bakit?" Hindi mahanap ni Rose ang mga salitang sasabihin.

"Alam ko p'wedeng hindi ka maniwala, pero

ito talaga ang totoo. Wala akong alam sa ginawang kasunduan ni Catherine at ng papa ko. Kanina ko lang nalaman ang tungkol doon. Pero huwag kang mag-alala kay Catherine, nagawan ko na ng paraan iyon."

"Nagawan ng paraan?" Umikot ito sa likuran ni Gabriel saka sumandal sa isang puno. Tila hindi ito naniniwala.

"Oo. Malaya na ang kaibigan mo. Kakalimutan na ng Papa ang utang ng pamilya ni Catherine at maaari na siyang bumalik sa kanila."

"Ba't sa 'kin mo sinasabi 'to? Bakit hindi sa kanya?" nagtatakang tanong nito.

"Dahil may nangyari na sa 'min," simpleng sagot niya.

"Ngayon?" pagbabale-wala nito.

"Ngayon ano'ng mangyayari sa kanya? Ninakaw ko na ang pagkababae niya at sa mga kinikilos niya sa bahay ko, imposibleng hindi niya sirain ang buhay niya paglabas niya."

"Kung ganoon, ayaw mong sabihin sa kanya? At inaasahan mong ililihim ko rin?" naiinis na tanong ng kausap.

“Hindi. Sasabihin ko rin. Pero hindi sa ngayon. Bigyan mo sana ako ng pagkakataon na tulungan siyang ibalik ang nawalang dignidad niya.”

“Paano?”

“Kapag minahal na niya ’ko. Dahil mahal ko siya.”

“Oh, my God!” gulat na sabi ni Rose. Si Catherine, inamin sa kanya ang pagnanasa kay Gabriel. Ngayon, ang lalaki naman, mahal pala ang kaibigan niya. Kung ganoon, wala palang problema. Wala na lang siyang sasabihin. Ayaw niyang ibenta ang kaibigan, at ayaw rin niyang sirain ang plano ng mangingibig nito.

Pumayag si Rosalina sa pakiusap ng binata. Isang linggo lang ang hinihingi nito. Pagkatapos noon, kung may mangyari man o wala sa mga plano nito, lalaya si Catherine.

---

Pagkatapos ng sandaling pag-uusap, pinuntahan ng dalawa si Catherine. Nadatnan siya ng mga ito na nakaupo pa rin sa bangko sa parkeng kalapit lang ng car park.

Kaagad na nagpaalam si Rose. Sinabayan naman

siya ni Gabriel na maglakad pabalik ng kotse nito. Habang naglalakad, napansin niyang nakatingin ang lalaki sa billboard sa malaking shopping mall, hindi kalayuan sa kinaroroonan nila. Tiningnan siya nito.

"Uhm... Kat, maliwanag pa naman." Tumigil ito sa paglalakad at sandaling natahimik.

"Ngayon?" Wala siyang kamalay-malay na nagaya niya ang tono ni Rose noong kausap nito si Gabriel kanina.

Nagkamot ito ng ulo. At gaya ng nakita niya dati, noong gusto nitong magpa-cute, kumindat ito, tinitigan siya at parang hindi nito masabi ang gusto.

"Uhm…" Iyon pa lang ang nasasabi, tumigil ulit ito nang kung ilang saglit. "Gusto sana kitang yayaing manood ng sine," nagkakamot ng batok na saad ng lalaki. At mabilis na idinagdag, "Kung gusto mo lang."

"'Yun lang pala. Sige, tara," mabilis na sagot niya.

Cute na cute si Catherine sa pinakita nitong ngiti. Nakakakilig. Kinikiliti siya ng ngiting iyon. At hindi siya makapaniwala na nagkukunwari lang ito. Kung sana totoo iyon, siya na ang pinakamasuwerteng

babae sa mundo.

Pagpasok nila sa entrada ng mall, nakitaan niya ito kaagad ng pananabik. Kahit hindi niya pinapakita, sa loob-loob niya ay gusto niyang mapatawa. Para itong bata na noon lamang naipasyal. Kaya para mas matuwa ito, kinuha niya ang kamay nito. Natameme ito bigla. Gayunpaman, hindi ito umimik. Hawak-kamay silang naglakad.

Nang marating nila ng ticket booth ng sinehan sa second floor ng mall, may nakita siyang problema nito. Nakangiti nga ito pero nagkakamot uli ng ulo, matapos kapain ang wallet na wala naman sa bulsa ng pantalon nito.

Hindi napigil ni Catherine ang mapangiti. "Sige na. Tama na ang pa-cute. Ako na ang bibili ng ticket natin."

"Salamat. Babayaran kita mamaya."

Bumalik ang pananabik sa mga mata ni Gabriel at sabay silang naglakad papasok ng sinehan. Ang papanoorin nila: *Marie Antoinette*.

Napansin nilang walang masyadong nanonood ng palabas. Kaya sa hilerang inupuan nila, wala silang kasama. Kung sa umpisa ng pelikula, tuwang-tuwa sila pareho, sa sumunod na segundo aay

parang aantukin na sila. Nakakainip. Halos hindi na nila pinakikinggan ang pinapanood at nakatitig na lang sa malaking screen. Parang hinihintay na lang nila ang isa't isa na mag-ayang lumabas.

Date nga iyon… pero hindi romantic!

Ngunit habang nanonood, may nahalata si Catherine. Tinanong niya kaagad si Gabriel, "Sa tingin mo, pareho kami ng problema ni Marie Antoinette?"

"Huh? Pasensya na, hindi ko nasundan. Ano 'yon?"

Parang kakagatin na niya ito sa inis. Pero sa big screen, habang binabasa ni Marie Antoinette ang sulat mula sa ina nito, narinig nila sa voice over:

*Dearest Antoinette,*

*It is clear that the heart of your problem in your new home is your inability to inspire sexual craving in your husband. You represent the future and nothing is certain…"*

"'Yon," mabilis na sabi ni Catherine. "My inability

to inspire sexual craving...”

“In your husband, Catherine,” dugtong ng binata. “Where is your husband?”

“Uhm... ah... wala nga!” Kaagad niyang nabawi ang lakas ng loob. “Pero meron naman akong sinusubukang i-inspire, pero gaya ni King Louis, para siyang tuod at nakakatamad. May mga gan’ong tao pala, ‘no? Boring!”

Pero kung boring si Gabriel, bakit siya nagpipilit?

“Kung akala mong bibigyan kita ng halik sa pang-aasar mo, nagkakamali ka.”

Napatitig ang dalawang mata niya rito. Lumaki ang butas ng ilong niya nang marinig ang mga salitang lumabas sa bibig ng mayabang na lalaki. “May mga tao rin palang hindi kapani-paniwala ang kapal ng mukha. Grabe na ’to!”

---

Alam ni Gabriel na magtuluy-tuloy lang ang inisan at asaran nila kaya bago pa sila magkapikunan, inaya na niya itong umuwi. Kunsabagay, mas mabuti na iyon ang harapin niya—ang mapang-asar na Catherine—kaysa sa una niyang nakilalang Catherine na sobrang laki ang galit sa mundo.

Mas mabigat pa sa pang-aasar nito, ang problema niya ngayon ay ang kumakalam niyang sikmura. Hindi siya nakakain ng tanghalian. Pagkatapos, nakalimutan pa niya ang wallet niya. Naroon ang pera niya at mga credit cards kaya hindi siya makabili kahit fishballs sa labas ng mall.

Hindi naman siya isinamang kumain ni Catherine sa restaurant kanina. At sa nangyari sa nakakapagod na maghapon, hindi niya alam kung kaya pa niyang magluto pag-uwi sa bahay.

Kung makakahiram lang siya ng pera kay Catherine…

Subalit wala na yata siyang magagawa kundi magtiis at bilisan ang pagmamaneho pauwi. At nang malunasan ang malaki niyang problema. Pero habang palabas ng Clark Field ang kotse, may napansin si Catherine. Kitang-kita nito sa malayo pa lang ang malaking 'M' ng *McDonald's*.

"Uy, *McDo*!" biglang sabi nito. "Drive-thru tayo."

"Huh?" Lalo siyang nagutom.

Ngunit dahil hiniling nito, iniliko ni Gabriel ang sasakyan papunta sa fastfood restaurant.

Isang quarter pounder, large fries, large size ng

*Coke* at apple pie ang in-order ng dalaga. Para sa iisang tao lang iyon at walang order para sa kanya. Hindi naman siya makabili ng kanya, dahil kung hihiram siya rito ng pera ay baka maalala nito ang pagtawa niya noong isang gabi nang wala itong pamasahe pauwi at nagpasundo ito kay Todd. Natatakot siyang mapahiya kapag ito na ang gumanti.

Nang dumaan ang nakasupot na pagkaing iniabot ng service crew sa harap niya, lalo siyang naglaway. Kung puwede lang, aagawin na niya iyon. Nanghihinayang niyang iniabot iyon kay Catherine. Nakakaawa ang hitsura niya sa sobrang gutom.

"Hindi mo pa ba kakainin 'yan?" Natatakam niyang tiningnan ang pagkain sa nasa kandungan pa rin nito.

"Ah, hindi pa. Mamaya na, sa bahay."

*Gutom na 'ko! Pahingi naman!* gustong isigaw ng tiyan niya. Pero parang wala itong pakialam. At dahil alam niyang galit ito sa kanya, kung malalaman nitong kumakalam na ang sikmura niya, baka lalo lang siyang asarin nito.

Nang makauwi, pagpasok nila ng bahay, tinitingnan pa rin niya ang pagkain ng dalaga. Hindi iyon nilubayan ng mga mata niya, pero hindi niya

pinapahalata.

*Hihingi na lang ako kapag kakain na siya,* sabi niya sa isip, habang sinasabayan ito papuntang sala.

Umupo siya kaagad sa sofa. Gusto na niyang kumain. Pero magbibihis pa yata si Catherine bago kumain. *Asar!*

Paakyat na ito ng hagdanan, dala-dala ang binili, pero bigla itong bumalik. Lumapit ito papunta sa direksyon niya. Hindi niya ito tiningnan. Pag-angat ng ulo niya, basta na lamang niyang nakitang iniaabot nito sa kanya ang supot ng pagkain.

Hindi siya makapagsalita.

"Para sa 'yo talaga 'yan. Alam kong gutom na gutom ka na," anito.

"Hihingi na lang ako," nahihiyang sabi niya.

Ngumiti ito. "Hindi. Sa 'yo lahat 'yan. Busog na 'ko sa kinain namin ni Rose."

Hindi na siya kumibo. Nahihiya siya. Pero uunahin pa ba niya ang pride kaysa nagrereklamo niyang tiyan? Kahit mahirap at nanginginig ang kamay niya, tinanggap niya ang supot at dahan-dahang sinabi ang salitang, "Salamat."

Ngumiti siya pero seryosong-seryoso itong tiningnan. Gumanti ng ngiti ang dalaga. Sa unang beses, nakitaan niya ito ng sinseridad, na lubos na ikinatuwa ng puso niya. Pero pag-alis nito, parang buwaya niyang nilapa ang pagkaing binigay nito. *Sarap!*